



LIWANAG NG MUNDO



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Is 60:1-6)

Liwanag ng Panginoon

¹BUMANGON KA, Jerusalem at magliwanag na tulad ng araw. **Nililiwanagan** ka ng kaningningan ng Panginoon. ²Mababalot ng dilim ang ibang mga bansa; ngunit ikaw ay **liliwanagan** ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang kaningningan.

Tugon ng mga Hari at Bansa

³Sa ningning ng iyong taglay na **liwanag**, yaong mga bansa, sampu ng mga hari'y lalapit na kusa. ⁴Tumingin ka sa paligid at tingnan mo ang nagaganap. Ang mga anak mo'y nagtitipon na upang umuwi. Ang mga lalaki'y magmumula sa malayo, ang mga babae'y kargang tila mga bata.

Ang Personal na Tugon

⁵Ang tanawing ito ang kung iyong

mamalas, ikaw ay sisigla, sa iyong damdami'y pawang kagalakan yaong madarama; pagka't ang yaman niyong karagata'y iyong matatamo, at ang kayamanan ng maraming bansa ay makakamtan mo. ⁶Maraming pangkat na nakasakay sa kamelyo ang darating mula sa Madian at Efa. At sa Seba nama'y darating silang may taglay na mga ginto at kamanyang. Ihahayag ng mga tao ang magandang balita tungkol sa ginawa ng Diyos.

Tema: **Ang Liwanag ng Panginoon**

PAGPAPALIWANAG

- Ang ating pagbasa na nasa anyong patula ay nagmula sa Trito – Isaiah (56-66), ito ay naisulat pagkatapos ng pagkatapon ng mga Israelita sa Babilonya, at ito ay tumutukoy sa mga mamayan ng Sion (Jerusalem).
- Matinding simbolo ang liwanag na nag-

uudyok ng pag-asa at kababaang-loob.

- Sa Kristiyanong interpretasyon, si Hesus ang tinutukoy na liwanag.
- Ang pagdating ng liwanag ay siyang nagtipon sa mga mamamayan, mga bansa, mga anak na babae at lalaki sa iisang lugar. (Ang lahat ay nagkakaisa sa pagdating ng liwanag ng Diyos).
- Bilang resulta ng pakikinig sa mga propeta (bb. 5-6): magagalak ka kapag nakita sila; sa iyong damdami’y pawang kasiyahan ang madarama; sapagkat malaking yaman buhat sa karagata’y iyong matatamo, at mapapasaiyo ang kayamanan ng maraming bansa; darating ang maraming pangkat ng kamelyo mula sa Madian at Efa; buhat sa Seba ay darating silang may dalang mga ginto at insenso.

PAGNINILAY

Parang makata ang mga akda. Ang mga salitang ito ay nakapagpapaalab ng damdamin at imahinasyon; may mas higit pa itong kahuluga’ng nais ipahiwatig.

Ang teksto ay nananawagan ng kagalakan, pakikilahok, at pagtitipun-tipon. Nanawagan din ito ng pagkakaisa ng mga tao sa iisang liwanag na ito.

SALMONG TUGUNAN (Slm 72) POON, MAGLILINGKOD SA ‘YO TANANG BANSA NITONG MUNDO.

IKALAWANG PAGBASA (Ef 3:2-3,5-6)

Panukala

²MGA KAPATID: Marahil naman, nabalitaan na ninyong dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay ipinagkatiwala niya sa akin ang tungkuling ito para sa inyong kapakinabangan.

Paliwanag

³Ipinahayag sa akin ng Diyos ang kanyang lihim na panukala. ⁵Ang hiwagang ito’y hindi ipinaalam sa mga tao noong mga nakaraang

panahon, ngunit inihayag ngayon ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu, sa kanyang mga banal na apostol at mga propeta.

Ang Punto

⁶At ito ang lihim: sa pamamagitan ng Mabuting Balita, ang mga **Hentil**, tulad din ng mga Judio, ay may bahagi sa mga pagpapalang mula sa Diyos; mga bahagi rin sila ng iisang katawan at kahati sa pangako ng Diyos dahil kay Kristo Hesus.

Tema: **Ang Mga Hentil**

PAGPAPALIWANAG

- Una, batid ni Pablo na tanging sa kanya lamang ipinahayag ng Diyos ang ganitong misteryo. At ito ay naipahayag na rin ngayon sa mga apostoles at mga propeta.
- Ang pagpapahayag na ang mga Hentil (mga hindi Hudyo) ay mga tagapagmana rin at kabahagi ng pagpapala at sa pangako ng Diyos.
- Ang lahat ay tinatanggap ng Diyos (maging Hudyo man o Hentil).
- Lahat ay mayroong lugar kay Hesus.

PAGNINILAY

Ipinahayag ng Diyos ang kanyang sarili sa atin sa pamamagitan ng kanyang Anak.

Ang Diyos ay naghayag, hindi lamang kay Pablo, kundi maging sa mga apostoles, mga propeta at mga Hentil.

MABUTING BALITA (Mt 2:1-12)

¹SI HESUS ay ipinanganak sa **Betlehem** ng Judea noong kapanahunan ni Haring Herodes. Dumating naman sa Jerusalem ang ilang Pantas mula sa Silangan at ²nagtanung-tanong doon: “Nasaan ang ipinanganak na Hari ng mga Judio? Nakita namin sa Silangan ang

kanyang tala at naparito kami upang sambahin siya.”

³Nang mabalitaan ito ni Haring Herodes, siya’y naligalig, gayon din ang buong Jerusalem. ⁴Kaya’t tinipon niya ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba sa Israel at itinanong sa kanila kung saan ipinanganak ang Mesiyas. ⁵“Sa Betlehem po ng Judea,” tugon nila. “Ganito ang sinulat ng propeta: ⁶“At ikaw, Betlehem, sa lupain ng Juda, ay hindi nga huli sa mga pangunahing bayan ng Juda. Sapagkat sa iyo lilitaw ang isang pinuno na mamamahala sa aking bayan ng Israel.””

⁷Nang mabatid ito, lihim na ipinatawag ni Herodes ang mga Pantas at itinanong kung kailan lumitaw ang tala. At pinalakad niya sila patungong Betlehem matapos pagbilinan ng ganito: “Humayo kayo at inyong hanaping mabuti ang sanggol. Kapag inyong natagpuan, ibalita agad ninyo sa akin upang ako ma’y makasamba sa kanya.” ⁹⁻¹⁰At lumakad na nga ang mga Pantas. Muli silang pinangunahan ng talang nakita nila sa Silangan hanggang sa sumapit ito sa tapat ng kinaroroonan ng bata. Gayon na lamang ang galak ng mga Pantas nang makita ang tala! ¹¹Pagpasok sa bahay, nakita nila ang bata sa piling ng kanyang inang si Maria. Lumapit sila at nagpatirapa at sinamba ang bata. Binuksan nila ang kanilang mga sisidlan at inihandog sa kanya ang dala nilang ginto, kamanyang at mira.

¹²Nang sila’y pabalik na, sinabi sa kanila ng Diyos sa pamamagitan ng panaginip na huwag na silang babalik kay Herodes. Kaya, nag-iba na sila ng daan pauwi.

Tema: **Betlehem**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay makikita lamang sa Mateo.
- Pansinin ang mga sumusunod na tauhan at ang kanilang ginagawa:

-Mga matatalinong tao (pantas) – Hinahanap nila si Hesus upang sambahin at magbigay pugay (b.2). Pinangunahan sila ng bituin na kanilang sinundan (b.9). Ganoon na lamang ang kanilang kagalakan nang makita nilang tumigil ang bituin sa tapat ng kinaroroonan ng bata (b.10). Nagpatirapa sila at sinamba ang bata (b.11). Inihandog din nila sa kanya ang mga dala nitong ginto, kamangyan at mira (b.11). Bumalik sila sa kanilang bayan at nag-iba ng daraanan pauwi (b.12).

-Herodes – Naligalig sa balita (b.3). Ipinatawag niya ang mga punong pari at mga tagapagturo ng Kautusan (b.4). Pinapunta niya sa Betlehem ang mga matatalinong tao (b.8) at nagkunwaring siya’y magbibigay-pugay rin.

- Gumamit ang mga may-akda ng dalawang pangunahing karakter upang ilarawan ang iba’t-ibang pananaw tungkol sa kapanganakan ni Hesus.

PAGNINILAY

Sa pamamagitan ng isang bituin, ginagabayan ng Diyos ang kanyang bayan patungo sa kanyang Anak.

Makikita natin si Hesus na Kristo kung atin lamang siyang hahanapin.

II. PAG-UUGNAY

Maaaring magsimula sa pamamagitan ng pagpapaalala sa sambayanan na atin ngayong ginugunita ang kapistahan ng pagpapakita ng ating Panginoong Hesus. Ipapaliwanag ang kahulugan ng Epipaniya.

Inihayag ni Hesus ang kanyang sarili sa atin, hindi lamang sa mga Hudyo, kay Inang Maria at kay Jose, kundi sa lahat ng tao na nagsisikap lumapit sa kanya at may kababaang-loob na

kumikilala sa kanya bilang Tagapagligtas at Hari.

Ang pagpapahayag ni Hesus ng kanyang sarili ang siyang katuparan ng propesiya sa Lumang Tipan na makikita ngayon sa ating Unang Pagbasa: lahat ng tao ay magtitipun-tipon, lahat ng tao ay makikita ang liwanag.

Sa Ikalawang Pagbasa, si Pablo ay nagpatunay na ipinahayag ngayon ng Diyos sa lahat ng tao ang kanyang inilihim noon unang panahon. Walang sinuman ang hindi masasakop ng pagpapahayag at misteryo na ito ng Diyos.

Inilarawan ng Mabuting Balita kung paano ipinahayag ni Hesus ang kanyang sarili. Hinayaan niya ang kanyang sarili na siya'y dalawin ng mga hindi kilalang dayuhan. Kinakatawan ng mga Pantas ang mga bansa at mga taong naghahanap sa Diyos, sa Hari. Pagkatapos nilang matagpuan si Hesus sa Betlehem, bumalik sila sa kanilang bayan

gamit ang ibang daan.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ngayon ay ginugunita natin ang Pro Negritis Sunday. Lahat ng koleksyon ng mga misa sa umaga at gabi ay mapupunta sa Roma para sa misyon sa Africa. Ano ang ipinahihiwatig nito sa ating misyon bilang simbahan?

2. Tanggap mo ba na ikaw ay isang Hentil? Ano ang hinihingi nito sa atin sa paraan ng ating pakikitungo sa iba?

-Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
Isinalin ni Darren Louie Estomo

(Pangwakas na Panalangin)

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maaari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati...

(mula sa Prayers of the Pauline Family)